



GABAY NG BOTANTE

PROBINSIYAL NA PANGKALAHATANG
ELEKSIYON NG 2020



Ligtas na bumoto nang personal

Ang mga lugar ng botohan ay bukas ng **Oktubre 15 hanggang Oktubre 21**, at sa araw ng eleksiyon, **Oktubre 24**. Hanapin ang pinakamalapit sa iyo sa wheretovote.elections.bc.ca



Bumoto sa mail

Hilingin ang iyong package sa pagboto sa lalong madaling panahong posible: pumunta sa votebymail.elections.bc.ca o tumawag sa **1-800-661-8683**



ELECTIONS BC

A non-partisan Office of the Legislature

elections.bc.ca / 1-800-661-8683

TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN



Itinawag ang probinsiyal na halalan	1
Mga mahalagang petsa at paalala	2
Ligtas na pagboto sa panahon ng COVID-19	3
Ang iyong mga opsyon sa personal na pagboto	6
Pagboto sa mail	8
Mga serbisyo para sa mga nasa peligrong botante at mga botanteng may mga kapansanan	11

ITINAWAG ANG PROBINSIYAL NA HALALAN



**Itinawag ang probinsiyal na halalan para sa Sabado,
Oktubre 24, 2020.**



Ang mga nararapat na botante sa B.C. ay bumoboto para maghalal ng 87 Miyembro ng Lehislatibong Assembly. Ang bawat Miyembro ay kumakatawan sa isang electoral na distrito (kilala rin bilang riding o constituency) at may seat sa probinsiyal na Lehislatura.

Makakaboto ka sa probinsiyal na halalan kung ikaw ay:

- 18 o mas matanda sa **Oktubre 24, 2020**,
- isang mamamayan ng Canada, at
- residente ng B.C. mula **Abril 23, 2020**.

Ang pagboto sa halalang ito ay iba dahil sa COVID-19 pandemic. Nagtatrabaho ang Elections BC kasama ng Office of the Provincial Health Officer para masigurong ligtas ay maa-access ang proseso ng pagboto. Gusto naming masiguro na hindi kailangang pumili ang mga botante sa pagitan ng pangangalaga sa kanilang kalusugan at pagsasagawa ng karapatan nilang bumoto.

Lahat ng mga botante ay may opsyong bumoto nang personal o sa pamamagitan ng mail. Ang mga pamproteksiyong pamamaraan kasama ang physical distancing ay itatalaga sa lahat ng mga personal na oportunidad sa pagboto.

Mga Mahalagang Petsa at Paalala

Kung gusto mong bumoto sa mail, humiling ng package sa pagboto mula sa Elections BC sa lalong madaling panahon.

Pumunta sa **votebymail.elections.bc.ca** o tumawag sa **1-800-661-8683**

Dapat matanggap ng Elections BC ang nakumpleto mong package sa pagboto ng 8 p.m. Pacific time sa Oktubre 24, 2020. Isauli ang package mo sa lalong madaling panahon para masiguro na matanggap ito bago ang deadline.

1 p.m. Pacific time Oktubre 2	Magsasara ang nominasyon ng kandidato. <i>Ang panghuling listahan ng mga kandidato ay ipo-post sa elections.bc.ca.</i>
Oktubre 15 hanggang Oktubre 21	Advanced na pagboto <i>Ang mga lugar ng pagboto sa buong probinsiya ay bukas mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. (lokal na oras).</i>
Oktubre 24	Araw ng halalan <i>Ang mga lugar ng pagboto sa buong probinsiya ay bukas mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. (Pacific time).</i>

Pumunta sa **elections.bc.ca** para sa pinakabagong impormasyon.

LIGTAS NA PAGBOTO SA PANAHON NG COVID-19



Ang mga pamproteksiyong pamamaraan ay itatalaga sa mga lugar ng pagboto para matulungan ang mga botanteng ligtas na bumoto sa panahon ng pandemic. Ang mga protokol sa pagboto sa panahon ng pandemic ay ginagwa sa pagkonsulta sa Office of the Provincial Health

Officer. Narito ang maasahan mo kapag personal kang bumoto:

- Physical distancing
- Mga limitasyon sa kapasidad ng lugar ng pagboto
- Mga opisyal ng halalan na nakasuot ng personal na pamproteksiyong kagamitan (tulad ng mga mask at mga face shield)
- Mga pamproteksiyong hadlang
- Mga istasyon sa paglilinis ng kamay
- Madalas na paglilinis ng mga istasyon ng pagboto at madalas nahihipong mga surface
- Mga trabahador sa eleksiyon na sinanay sa mga gabay sa ligtas na lugar ng trabaho at mga protokol sa pandemic

Ang mga lugar ng botohan ay susunod sa mga kasanayang nakabalangkas sa ating pangkaligtasang plano sa lugar ng pagboto na kasama ang input na nilaan ng WorkSafeBC.

Maaaring iba ang ilang mga pamilyar na pamamaraan sa pagboto. Halimbawa, gagawa ka ng panalitang deklarasyon ng pagiging nararapat mong bumoto sa halip na lumagda sa libro ng pagboto.

Sundin ang mga tagubilin mula sa mga opisyal ng halalan at karatula sa lugar ng pagboto para tumulong sa pagpapanatili ng physical distancing. Ipapa-sanitize sa iyo ang mga kamay mo bago at makalipas magboto.

Kung may sakit ka o nagse-self-isolate, **huwag pumunta sa lugar ng pagboto**. Humiling ng package sa pagboto sa mail o tumawag sa Elections BC sa 1-800-661-8683 para sa tulong.

Matuto pa sa elections.bc.ca/safevoting.



Ano ang dapat kong gawin kapag personal akong bumoto?

- ID na nagpapakita sa iyong pangalan at address ng tirahan. Tingnan ang elections.bc.ca/id para sa listahan ng katanggap-tanggap na ID.
- Iyong Card Kung Saan Boboto. Hanapin ito sa mail mula sa Elections BC. Mapapabilis at mapapadali ang pagboto mo kapag dala mo ito sa lugar ng pagboto.
- Ang sarili mong pen o lapis para markahan ang balota mo, kung gusto mo.
- Isang mask na isusuot sa lugar ng pagboto, kung gusto mo. Hinihikayat namin ang mga botanteng magsuot ng mask kapag bumoto sila para protektahan ang ibang tao. Hindi patatangal sa iyo ang mask mo para bumoto.

Ito ang itsura ng Iyong card Kung Saan Boboto.

Harap



PROVINCIAL GENERAL ELECTION



A provincial election has been called for **Saturday, October 24, 2020**. For information about where, when and how to vote, refer to the other side of this card or visit elections.bc.ca.

Voting safely in person during COVID-19

Pandemic protocols will be in place at voting places to help you vote safely during COVID-19. Follow the instructions from election officials at the voting place. If you are feeling sick or self-isolating, stay home. Request a vote-by-mail package or contact Elections BC for more voting options. Visit elections.bc.ca/COVID19 for more information.

Vote by mail

Voting by mail isn't just for voters who will be away during the election. It's an option for all eligible voters. It is a good option for voters who aren't comfortable voting in person at a voting place.

If you wish to vote by mail, request a voting package from Elections BC as soon as possible. Visit elections.bc.ca or call 1-800-661-1234 for more information.



VTB-001



GENERAL VOTING DAY

Remember to bring this card and ID. Voting will be open from 8 a.m. to 8 p.m. (Pacific time).

On Saturday, October 24, you can vote at:

General Voting Place
100 Main St, Victoria BC



Your address is:
1234 Main St, Victoria BC

Deliver to:

FIRSTNAME LASTNAME
1234 MAIN ST
VICTORIA BC V1V 1V1

ADVANCE VOTING

Advance voting places are wheelchair accessible and open from 8 a.m. to 8 p.m. (local time) on the dates checked.

- Advance voting place 1, 100 Main St, Victoria, BC
- Advance voting place 2, 200 Main St, Victoria, BC
- Advance voting place 3, 300 Main St, Victoria, BC
- Advance voting place 4, 400 Main St, Victoria, BC
- Advance voting place 5, 500 Main St, Victoria, BC
- Advance voting place 6, 600 Main St, Victoria, BC

DATES OPEN

	Thurs Oct 15	Fri Oct 16	Sat Oct 17	Sun Oct 18	Mon Oct 19	Tues Oct 20	Wed Oct 21
Advance voting place 1, 100 Main St, Victoria, BC	✓	✓		✓	✓	✓	✓
Advance voting place 2, 200 Main St, Victoria, BC	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓
Advance voting place 3, 300 Main St, Victoria, BC		✓	✓	✓	✓	✓	✓
Advance voting place 4, 400 Main St, Victoria, BC	✓	✓	✓			✓	✓
Advance voting place 5, 500 Main St, Victoria, BC		✓	✓	✓	✓	✓	✓
Advance voting place 6, 600 Main St, Victoria, BC			✓	✓	✓	✓	✓



Likod

ANG IYONG MGA OPSİYON SA PERSONAL NA PAGBOTO



Ang mga protokol sa pandemic ay itatalaga sa lahat ng mga personal na oportunidad sa pagboto. Tingnan ang pahina 3 para sa higit pang impormasyon.



Bumoto sa advanced na pagboto

Oktubre 15 hanggang Oktubre 21 | 8 a.m. hanggang 8 p.m.
(lokal na oras)

Hindi mo kailangan ng espesyal na dahilan para bumoto sa advanced na pagboto – opsiyon ito para sa lahat ng mga botante. Tandaan na ang ilang lugar ng advanced na pagboto ay maaaring hindi bukas sa bawat araw ng advanced na pagboto. Humanap ng mga lugar ng advanced na pagboto at mga petsa kung kailan sila bukas sa **wheretovote.elections.bc.ca** o sa iyong card ng Saan Boboto.



Bumoto sa araw ng halalan

Oktubre 24 | 8 a.m. hanggang 8 p.m. (Pacific time)

Ang mga botante ay may nakatalagang lugar ng pagboto sa araw ng halalan. Karaniwang mas mabilis bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng pagboto, pero puwede kang bumoto sa ibang lugar ng pagboto kung mas kumbinyente ito sa iyo. Hanapin ang nakatalaga mong lugar ng pagboto sa **wheretovote.elections.bc.ca** o sa iyong card ng Saan Boboto.

Mga Lugar ng Pagboto

Ang mga lugar ng pagboto ay kinukumpirma pa, pero malalaman din:

- sa website ng Elections BC sa **wheretovote.elections.bc.ca**
- sa mga card ng Saan Bototo na ipinadala sa bawat nakarehistrong botante bago magsimula ang advanced na pagboto, at
- sa pagtawag sa **1-800-661-8683**

Pagboto sa electoral na tanggapan ng distrito

Mula ngayon hanggang 4 p.m. (Pacific time) sa **Oktubre 24**.

Makakaboto ka o makukuha mo ang vote-by-mail package sa anumang electoral na tanggapan ng distrito sa probinsiya. Bukas ang mga tanggapan mula 9 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes, at Sabado ng 10 a.m. hanggang 4 p.m. Bukas ang mga tanggapan mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. sa advanced na pagboto. Makahanap ng listahan ng mga lokasyon ng tanggapan sa **elections.bc.ca/deo**.

PAGBOTO SA MAIL



Ang pagboto gamit ang mail ay hindi lang para sa mga botante na nasa ibang lugar sa eleksiyon. Opsiyon ito para sa lahat ng mga nararapat bumoto. Ang pagboto sa mail ay magandang opsoyon sa mga botante na hindi kumportableng bumoto dahil sa pandemic.


Kung gusto mong bumoto sa mail, kontakin ang Elections BC para humiling ng vote-by-mail package sa lalong madaling panahon. Ang iyong package ay ime-mail sa iyo. Maaari kang humingi ng isa sa pamamagitan ng:

- Pagpunta sa **votebymail.elections.bc.ca**
- Pagtawag sa Elections BC sa **1-800-661-8683**

Kung gusto mong kunin nang personal ang iyong vote-by-mail package, kontakin ang pinakamalapit na electoral na tanggapan ng distrito. Pumunta sa **elections.bc.ca/deo** o tumawag sa Elections BC para sa listahan ng mga lokasyon.

Ang mga tagubilin sa pagkumpleto ng iyong vote-by-mail package ay kasama sa package. Kung hindi ka nakarehistrong botante o ang impormasyon mo ay luma na, makakahanap ka rin ng mga tagubilin sa package ng pagboto kung paano magparehistro o i-update ang impormasyon mo.

Ito ang itsura ng iyong Package Kung Saan Boboto.



Maisasauli mo ang iyong vote-by-mail package nng personal sa anumang electoral na tanggapan ng distrito, lugar ng pagboto o sa lugar ng Service BC.

Maaari mo ring isauli ang package mo sa pamamagitan ng mail. Ang isang postage paid return envelope ay nilaan para sa mga botante sa Canada. Kung ime-mail mula sa labas ng Canada, dapat kang magbigay ng kailangang postage.

Ang mga nakumpletong vote-by-mail package **ay dapat matanggap** ng Elections BC bago ang 8 p.m. (Pacific time) sa **Oktubre 24, 2020**. Hinihikayat ang mga botanteng isauli ang package nila sa lalong madaling panahon para masiguro na matanggap ito bago ang deadline.

MGA SERBISYO PARA SA MGA NASA PELIGRONG BOTANTE AT MGA BOTANTENG MAY MGA KAPANSANAN



Ang mga botanteng nasa peligro ay maaaring nag-aalala sa personal na pagboto. Naninindigan ang Elections BC sa ligtas at maa-access na eleksiyon para sa lahat ng mga botante, at may mga serbisyo kaming magagamit para tumulong, ikaw man ay personal na boboto o malayuan. Ang mga opisyal sa eleksiyon ay sinanay kung paano tutulungan ang mga botanteng ma-access ang mga oportunidad sa pagboto, at may mga serbisyong magagamit para tulungan ang mga botanteng may kapansanan o sumasailalim na pangkalusugang kundisyong bumoto.



Pagkuha ng tulong sa pagmarka ng balota mo

Makakakuha ang mga botante ng tulong sa pagmarka ng balota nila kung mayroon silang kapansanan o nahihirapang magbasa o magsulat. Sabihin sa opisyal ng eleksiyon sa lugar ng pagboto kung kailangan mo ng tulong sa pagmarka ng balota mo.



Mga magagamit ng mga bulag o may kapansanan sa pagtingin na botante

Ang mga listahan ng kandidato sa Braille, malaking print na poster na balota at mga plastic na template ng balota ay makukuha sa lahat ng lugar ng pagboto para tulungan ng bulag o may kapansanan sa pagtingin na botante na markahan ang balota nila.

Daling puntahan ng lugar ng pagboto

Lahat ng mga lugar sa advanced na pagboto at karamihan ng mga lugar ng pangkalahatang pagboto ay mapupuntahan ng wheelchair. Ang mga botanteng hindi makakapasok sa lugar ng pagboto ay makakaboto sa labas ng gusali (sa bangketa o sa paradahan).

Mga Tagapagsaling-wika

Maaaring magdala ang mga botante ng tagapagsaling-wika para tulungan sila sa lugar ng pagboto. Dapat gumawa ang tagapagsaling-wika ng deklarasyon na makakakilos sila bilang tagapagsaling-wika at gagawin ang pinakamahasag nilang makakayanan.



MGA TANONG?

Pumunta sa aming website o kontakin kami parra sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano ligtas na boboto sa panahon ng pandemic

elections.bc.ca | 1-800-661-8683

Ang mga pagsasaling-wika ng gabay na ito ay makukuha sa ***elections.bc.ca/translations***.

Sundan ang Elections BC sa social media:

    @ElectionsBC



ELECTIONS BC
A non-partisan Office of the Legislature